



Humihingi ang Lungsod ng feedback sa balangkas ng Action Plan sa Kaligtasan ng Komunidad

BRAMPTON, ON (Hulyo 11, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay humihingi ng feedback sa balangkas nito sa [Action Plan sa Kaligtasan ng Komunidad](#).

Ang balangkas ng Action Plan, na pinamunuan ng Community Safety and Well-Being Office, ay nag-aalok ng mga bagong solusyon para sa pagpapatupad ng kaligtasan at kabutihan ng komunidad sa lower-tier na antas ng munisipyo.

Ang balangkas ng Action Plan ay pangunahing nakatuon sa antas ng kapitbahayan para tugunan ang mga alalahaning pangkaligtasan, kumonekta sa mga nangangailangan gamit ang mga resource at dagdagan ang pakiramdam na nabibilang para sa lahat sa komunidad. Tinutukoy nito ang tatlong Area na Tinutuunan– Kaligtasan, Kamalayan, at Pagbibigay Lakas – na may ilang taktika sa bawat isa na ipapatupad mula 2022 hanggang 2025.

Ang Action Plan ay nabuo sa pakikipagkonsulta at feedback mula sa iba't ibang stakeholder sa loob ng ilang taon. Muling pinapasali ng Lungsod ang mga residente na magbigay ng feedback sa balangkas ng Action Plan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Community Safety and Well-Being Office sa csw@brampton.ca o sa pamamagitan ng pag-book ng miting kasama ang staff ng Lungsod. Bisitahin ang Brampton.ca para sa mas maraming impormasyon sa mga opsyon sa plano at mga feedback.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca